

PROLOGUE

“Ate Natania, ano’ng tinitingnan mo diyan?” curious na tanong ng pitong taong gulang niyang pinsan na si Alona.

Kahit tatlong taon lang ang tanda niya sa bata, siya ang nagbabantay rito. Kanina pa nga niya sinasaway pero ayaw sumunod. Buti at bumaba na rin ito mula sa duyang nakasabit sa mga puno sa loob ng gubat.

“Iniisip ko lang ang mga magulang ko,” malungkot niyang tugon habang nakaupo sa isang tree stump. Naulila siya nang lumubog ang sinasakyan nilang ferry boat. Ang Tiya Gloria niya na ina ni Alona ang nagligtas sa kanya.

“Bakit? Ayaw mo na ba sa amin?” Napalabi ito at tila nalungkot.

Bumigat ang kanyang puso. Matigas man ang ulo ni Alona, may soft spot pa rin siya para rito at ganoon din ito para sa kanya. Ayaw nitong nalulungkot siya. At kahit ano ay gagawin nito mapasaya lang siyang muli.

Bumaling siya sa pinsang nakayuko.

“Oo. Ayaw ko na sa inyo, lalo na sa iyo!” pabalang niyang tugon ngunit nagbibiro lang siya. Lalong nalukot ang mukha nito, pero mayamaya ay nagliwanag iyon at napangiti ito nang malaki.

Tumayo ito bigla, dumampot ng mahabang stick at ikinumpas-kumpas iyon sa hangin habang humahagikhik. “Pangingitiin kita sa pamamagitan ng magic wand ko!” anito. “Dahil bukas ay birthday mo na, ito ang una kong ireregalo sa iyo!” Ikinumpas nito ang stick malapit sa tubig na naipon sa lupa dahil sa dumaang ulan. “Tadaaa! ’Ayan, may *Milo* ka na every morning sa halip na kapeng mapait!” Pumalampak pa ito.

Deadma lang siya sa ginawa nito, kunwari ay di na-impres.

“Hmm, magma-magic ako ng higaang gawa sa balahibo ng kalapati para mahimbing ang pagtulog mo sa gabi.” Ikinumpas uli nito ang stick. Nanlaki pa ang mga mata ni Alona na tila ba may magic nga iyon. Pagkatapos ay humilata ito sa mga dahong nalaglag sa lupa mula sa puno ng mangga, nagkukunwaring balahibo nga ng kalapati ang mga iyon.

Nagsalubong ang mga kilay ni Natania. “Tumayo ka nga diyan! Mapuputikan na iyang damit mo! Mapapagalitan tayo ni mama mo!” Natakot siya dahil masungit ang tiya niya.

“Ayoko na nga! Hindi ka naman masaya sa ginagawa ko!” Itinapon nito ang ‘magic’ wand. “Lagi ka na lang galit! Hindi mo na ako mahal!” Saka ito humagulhol.

Naawa si Natania lalo pa’t nag-effort itong pasayahin siya.

“Sorry na. Huwag ka nang umiyak,” panunuyo niya habang hinahagod ang likod ng bata. Lalo lang lumakas ang iyak nito. Ilang minuto rin silang nanatili sa ganoong ayos.

Nag-aalala na siya dahil alas cinco na at nasa loob pa rin sila ng masukal na gubat at dalawa lang sila roon. Binulungan niya ang pinsan.

Natigil ito sa pag-iyak. “Talaga! Bibili tayo ng ice cream paglabas natin sa gubat?”

“Oo, kaya tumahan ka na, ’tsaka lagi mong tatandaan na love kita always,” aniyang ginulo pa ang buhok nito. Niyakap naman siya nito nang napakahigpit.

Palabas na sana sila ng gubat nang bumalik si Alona para hanapin ang naiwan nitong magic wand. Hindi niya ito pinigilan dahil baka umiyak na naman.

Pero ilang minuto na ang lumipas ay wala pa rin ito.

Patay, baka mapalo kami, alala niyang isip. Hindi kasi sila nagpaalam na pupunta sila roon. Sabi nila sa park lang sila pupunta.

“Alona, bilisan mo na! Gagabihin na tayo!” sigaw niya. Nabalisa na siya nang walang sumagot. “Alona, nasaan ka na?”

She heard her cousin’s faint call from deep in the forest. Kumaripas ng takbo si Natania para hanapin ito at nang makita niya ay sinalubong ito ng pinong kurot.

“Aray!” hiyaw nito bago niya agad na tinakpan ang bibig nito.

Napansin kasi niya ang isang mesa di kalayuan sa kinatatayuan nila. Nasa labas iyon ng isang bahay-kubong nakatayo sa tabi ng isang puno ng balete.

“Shh! Huwag kang maingay! Baka may makarinig sa iyo,” kabado niyang bulong dito.

Tinanggal nito ang kamay niya. “Tara, lumapit tayo. Parang wala namang tao.”

“Hindi! Uuwi na tayo!” matigas niyang sabi sabay hablot sa braso nito. Pero nakapiglas na ito at nakatakbo na palapit sa mesa.

Parang gustong umusok ng kanyang ilong sa galit habang kabadong sumusunod sa pinsan.

“Wow! Ang gaganda naman ng mga barahang ito!” sabi ni Alona.

Nang humangin, nilipad sa paanan ni Natania ang isang baraha. Napatitig siya roon at napasinghap.

“N-nakakatakot naman ang hi-hitsura niyan.” Her voice was shaking.

“Ano’ng pinagsasabi mo, Ate, eh, ang ganda-ganda nga nito o!” magiliw na sabi ng bata habang nakatingin sa isang barahang may larawan ng magandang reyna.

“Maganda? Kailan pa naging maganda ang diablo?” sarkastiko niyang tanong habang pinipilit labanan ang takot.

Hindi magkasundo ang magpinsan dahil magkaiba sila ng baraha na tinitingnan.

Muling umihip ang malamig na hangin at tila may gumapang na kamay sa kanyang mga binti. Lalo tuloy siyang natakot.

“Umalis na tayo rito, ano ba!”

“Dito ka kasi tumingin sa mesa!” Hinatak nito ang kanyang braso. “Ayan o! Di ba ang ganda ng baraha?” Ang tinutukoy nito ay ngayon ang barahang may larawan ng isang matipunong hari.

“Maganda ba iyan? Eh, picture ni K-Kamatayan ang nakikita ko!” The candles were making the scene even more eerie by casting shadows over the cards. Sa takot ay iniwas ni Natania ang tingin sa mga baraha.

“Alona, uuwi na tayo sa ayaw at sa gusto mo!” Hinatak niya ito.

Halos liparin nila ang paglabas ng kagubatan at nagpahinga lang saglit nang mapagod. Nanlaki ang mga mata niya nang ilabas ni Alona ang isang baraha mula sa bulsa. Hindi niya napansing kinuha nito iyon kanina.

“Ate Natania, tingnan mo o, ang ganda at ang guwapo ng nasa baraha,” anitong namamangha. Itinaas nito iyon upang ipakita sa kanya.

“Naku, lagot ka! Bakit mo kinuha iyan?” Inagaw niya ang baraha.

Lovers.

Iyon ang nakasulat sa ibaba ng drawing.

“Bakit kayo naririto?” Isang malalim at malamig na boses ang narinig nila mula sa kanilang likuran.

Dahan-dahan silang humarap sa pinagmulan ng tinig at napasigaw sa nakita. Nakatayo roon ang isang babaeng matangkad na nakasuot ng itim na bestida. Hindi nila makita ang mukha nito dahil sa suot nitong itim na belo. Wala rin silang balak na manatili roon upang malaman pa ang hitsura nito. Dali-dali silang tumakbo palabas ng gubat.

Mahigpit na hawak ni Natania ang *Lovers* tarot card habang tumatakbo.